



Enero 2019

PRAYMER

Nakaambang pagsabog ng krisis sa ilalim ni Duterte

Bumabagal at humihina ang ekonomiyang Pilipino sa likod ng paggiit ng administrasyong Duterte ng pagsigla nito. Nagkukumahog ang *economic team* ng rehimen na mabawi ang dating momentum ng ekonomiya. Walang-habas ang paggastos ngayon sa imprastruktura pero maging ito ay tila kapos din upang mapigilan ang pag-atras ng ekonomiya.

Lumilitaw ang kapalpakan ng neoliberalismo. Inabot na ng ekonomiya ang hangganan ng kaniyang pag-akyat na kaya nitong marating sa pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal, at nagsimula na itong bumaba. Inabot na rin ng gobyerno ang pinakamahirap na yugto ng pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal, at tanging pagtatakip sa kapalpakan ng mga ito o di kaya ay paghuhugas-kamay ang ginagawa ng gobyernong Duterte.

Subalit, hindi maitatwa ng administrasyong nangako ng pagbabago na habang patuloy ang paglaki ng tubo ng lokal na oligarkiya at dayuhang kapital, lalong nasasadlak sa hirap ang mayorya ng mamamayan. Ang pagtaas ng presyo ng bilingin sa harap ng mala-aliping sahod o kawalan ng sapat na kita ang yumayanig sa inilalarawang katatagan ng mga ekonomista. Ang krisis na lamang sa trabaho ay parang bulkang sumasabog na matagal nang umuugong.

Walang pundasyon ang ekonomiya para sa sustainable at matagalang pag-unlad. Dumadausdos ang agrikultura, walang masasabing pambansang industriya, at bulnerable ang lokal na ekonomiya sa tumitinding pandaigdigang krisis. Ang masaklap, bukod sa panlilinlang, tumitindi ang represyon at dahas ng gobyernong Duterte para supilin ang anumang paglaban na magmumula sa ganitong kalagayan – para pigilan ang pagputok ng nagniningas na panlipunang ligalig.

1 Umuunlad ba ang ekonomiya sa halos tatlong taon ng gobyernong Duterte?

Hindi. Ibinibida ng mga ekonomista ng gobyerno ang paglago ng ekonomiya, subalit ito ay pagsustine lamang sa binubulid na kasinungalingan hinggil sa pag-unlad.

Bumabagal ang ipinangangalandakang walang-patlang na paglago ng ekonomiya na diumano ay isa sa mga pinakamabilis sa Asya gayundin ang mga sektor na inaasahan ng gobyerno para itulak pa ang paglagong ito.

Pinakamabagal sa nakalipas na tatlong taon ang naitalang tantos ng paglago ng *gross domestic product* (GDP) na 6.2% sa buong taon ng 2018. Mula ito sa 6.9% noong 2016 at 6.7% noong 2017.

Unti-unti nang kumukupas ang mga inaasahang bituin para sa paglagong ito. Sa nakalipas na dekada, pinasigla ang ekonomiya ng Pilipinas ng remitans ng mga migranteng manggagawang Pilipino, dayuhang pamumuhunan sa *business process outsourcing* o BPO, mababang *interest rates*, at *boom* sa *real estate*.

Itinulak lamang ng tumaas na *demand* dulot ng remitans, pamumuhunan sa BPO, at sa isang banda, eksport, ang mabilis na paglago ng GDP sa nakaraang dekada. Pinamura ng mababang interest rates ang pangungutang na siyang nakapagpasigla sa mga prodyuser na tugunan ng suplay ang pinaganang demand ng mga konsumer. Ang demand para sa mga opisina ng BPO o *condominium* para sa ilang pamilya ng mga migrante, halimbawa, ay nakapagpa-sigla sa real estate at konstruksyon. Tumaas din ang kalakalan

at yutilidad bilang resulta ng pagtaas ng demand. Sa mahabang panahon, ang siklong ito lamang – demand at paglago – ang inasahan ng gobyerno para sa ekonomiya. Ito ngayon ang pilit pa ring pinakikinang ng mga ekonomista ng gobyernong Duterte, maski pa palubog na ang sikat nito.

Bumabagal ang remitans, humihina ang BPO at eksport, at tumataas ang interest rates. Ang US\$23.8 bilyong remitans noong Enero hanggang Oktubre ng 2018 ay 3.1% lamang na mas mataas kompara noong 2017. Lubhang mabagal ito kompara sa 5.0% pagtaas noong 2016 at maging sa 4.3% na naitala noong 2017. Bumilis man ang paglago ng eksport ng bansa mula 11.6% noong 2016 patungong 19.5% noong 2017, bumagal ito sa 11.5% noong taong 2018 dahil na rin sa pagbagal ng demand sa pandaigdigang pamilihan.

Naranasan ng bansa noong nakaraang taon ang pinakamabilis na implasyon sa loob ng halos isang dekada. Para ibsan ito, itinaas ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang interest rates. Bumaliktad ang isang-dekadang tunguhin ng mababang interest rates. Sumirit ang *overnight reverse repurchase (RRP) rate* mula 3.0% noong 2017 patungong 4.75% sa pagtatapos ng 2018. Ang RRP ang pamantayan ng BSP sa pagpapautang nito sa mga bangko at sa pagkuha nito ng deposito mula sa mga ito. Ang mataas na RRP ay nagpapataas sa halaga ng pagpapautang at kung gayon ay nagpapatamlay sa pagnenegosyo.

Pinutol nito ang siklo ng masiglang konsumo at pamumuhunan ng mga negosyo upang tugunan ang masiglang konsumo. Noong 2018, lalong pinahigpit ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin dulot ng bagong buwis ng the Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN), paghina ng piso sa dolyar, at pagmahal ng presyo ng bigas at langis ang kakayahang bumili ng sambahayan (*household*). Pinalala rin ng mga ito ang kawalan ng katiyakan sa negosyo. Nakadagdag din dito ang pagbagal ng agrikultura, pagbagsak ng kita sa kanayunan, at pagkawala ng 259,000 na trabaho sa sektor noong nakaraang taon.

Bumagal ang paggastos ng mga sambahayan sa 5.6% sa buong 2018 mula sa 7.0% noong 2016 at 5.9% noong 2017. Gayundin ang galaw ng kalakalan na nakapagtala ng mas mabagal na paglago na 6.0% kompara sa 7.6% noong 2016 at 7.3% noong 2017.

Pahupa na rin ang boom sa real estate. Bumagal patungong 4.8% sa buong 2018 ang real estate, *renting at business activities* sa GDP mula sa 8.9% paglago noong 2016 at 7.4% noong 2017. Ang BPOs ay kabilang sa *subsector* na ito. Bumagal ang paglago sa kabila ng ulat na pagtaas ng pamumuhunan sa *information technology and business process management* (IT-BPM) nang 32.2% sa Php20.6 bilyon noong nakaraang taon ayon sa Philippine Economic Zone Authority (PEZA).

Makikita rin sa pagpapautang ng mga bangko ang pagtamlay ng *consumer confidence at business expectations*. Ang tuloy-tuloy na pagtaas nito mula 2015 hanggang sa pagtatapos ng 2016 ay humina sa unang tatlong kwarto ng 2017 hanggang sa bumagal na ito sa huling bahagi ng taong iyon hanggang 2018.

Sa tala ng BSP, bumagsak ang *index* ng business expectations sa pagitan ng ika-apat na kwarto ng 2017 at 2018 mula 43.3 tungong 27.2, samantalang ang index ng consumer confidence ay bumagsak din mula 9.5 patungong -22.5 sa parehong panahon. Kapansin-pansin din ang parehong direksyon ng *index* ng Philippine Stock Exchange (PSE) na karamihan ay mga dayuhan ang namumuhunan, na mula 9,000 noong Enero 2018 ay nagsara ng mas mababa sa 7,500 sa pagtatapos ng taon.

Upang pasiglahin ang bumabagal na ekonomiya, itinataas ng gobyernong Duterte ang paggastos, laluna para sa imprastruktura. Halos doble ang paglaki ng *government consumption spending* noong 2018 sa 12.8% mula 7.0% noong 2017. Gayundin, ang paggastos sa pampublikong konstruksyon na bumagal noong 2017 sa 12.7% mula 25.7% noong 2016 ay nakabawi sa 21.2% noong 2018.

Gayunpaman, hindi pa rin ito sapat para maiwasan ng pamahalaan ang pangkalahatang pagbagal ng ekonomiya. Posibleng magdulot ng paglago ang paggastos para sa darating na eleksyon, pero hindi ito kasinlaki ng paggastos sa panahon ng pangkalahatang eleksyon. Mas malamang na mananaig ang mga salik na nagpapatamlay sa ekonomiya. Paiigtingin ng mga ito ang pagkakahati-hati ng mga oligarkiya at gayundin ang ligalig sa hanay ng mamamayan, kabilang na ang panggitnang uri.

Maging ang *foreign direct investment* (FDI) na ginagawang indikasyon ng pamahalaan ng kumpyansa ng mga dayuhang negosyante ay bumaba rin. Ang US\$10.1 bilyong FDI noong 2017 ay lumaki lamang nang 21.5%, mas mabagal kompara sa 46.8% paglaki noong 2016. Ang naitala namang US\$8.5 bilyong FDI mula Enero hanggang Oktubre ng 2018 ay 1.8% lamang na mas mataas kompara sa parehong mga buwan ng 2017. Samantala, ang mga aprubadong pamumuhunan sa PEZA ay bumagsak nang higit 40% mula Php237.6 bilyon noong 2017 patungong Php140.2 bilyon na lamang noong 2018.

Pinakamalaki sa nakalipas na halos dalawang dekada ang depisito sa *current account* ng bansa, o ang balanse ng mga panandaliang transaksyon katulad ng eksport at import at pasok-labas ng kita ng mga migrante at dayuhan. Umabot sa US\$6.5 bilyon na katumbas ng 2.7% ng GDP ang depisito. Malaki ang naiambag nito sa tatlong beses na paglaki ng depisito sa *balance of payments*, (BOP) o ang pangkalahatang balanse ng mga eksternal na transaksyon ng bansa, kabilang ang pasok-labas ng dayuhang kapital. Sa unang siyam na buwan ng 2018, umabot ang depisito sa US\$5.1 bilyon mula sa US\$1.4 bilyon lamang noong 2017.

Lumobo nang 33.2% ang depisito sa kalakalan, sa US\$36.9 bilyon, dahil sa 0.9% na pagliit ng eksport kasabay ng 13.2% na paglaki ng import. Patuloy na itinutulak ng mga patakarang neoliberal ang lokal na ekonomiya na umasa sa importasyon, na nagpababa sa kapasidad nito na tugunan ang malawak na pangangailangan ng bansa. Kaakibat nito ang paghahabol ng bansa ng kita sa eksport, na sa kabilang banda ay bulnerable sa lumalalang krisis ng pandaigdigang ekonomiya.

Kroniko ang depisito sa kalakalan dahil pagmamay-ari ng mga dayuhang namumuhunan ang manupaktura ng eksport at nakaasa ito sa imported na hilaw na mga materyales, mula input sa produksyon hanggang sa mga makinaryang kakailanganin. Mistulang lokasyon at murang lakas-paggawa lamang ang dagdag na halaga mula sa ekonomiya ng Pilipinas upang lumikha pa para sa pangangailangan ng tinatawag na *global value chains* (GVC) ng mga dayuhang bansa at kanilang transnasyonal na mga korporasyon. Kapansin-pansin na mula 2014, lumalago ang FDI pero lumalala naman ang depisito sa kalakalan.

Ang palitan ng piso sa dolyar na Php52.67 noong 2018 ang pinakamahina sa nakalipas na 13 taon. Humina ito nang 11% mula sa Php47.49 kada dolyar noong 2016. Lampas na ito sa orihinal na target ng administrasyon na Php48-51 na halaga ng piso sa palitan para sa 2018.

Pinakamababa naman sa nakalipas na 10 taon ang US\$78.5 bilyong *gross international reserves* (GIR) ng bansa sa pagtatapos ng 2018 na katumbas lamang ng 6.9 na buwan na halaga ng import at pambayad sa mga eksternal na transaksyon. Para sa bansang nakaasa sa imported at liberal sa paglabas ng kita ng dayuhang pamumuhunan, mahalagang magkaroon ng sapat na GIR ito. Noong 2013 inabot ang pinakamataas na GIR na katumbas ng 11.6 na buwan na halaga ng import at pambayad sa iba pang mga serbisyo.

Samantala, ang Php378.2 bilyong depisito sa pambansang badyet sa unang siyam na buwan ng 2018, na katumbas ng 3.0% ng GDP, ay ang pinakamataas sa nakalipas na walong taon. Tataas pa ito sa pagbagal ng ekonomiya sa huling bahagi ng 2018.

Umabot sa Php7.16 trilyon ang utang ng pambansang gobyerno sa pagtatapos ng Setyembre noong 2018, katumbas ng 42.3% ng GDP. Ito ang pinakamataas sa nakalipas na tatlong taon. Sa pagtatapos ng Nobyembre, tumaas pa ito sa Php7.20 trilyon. Ang buwanang abereyds na pangungutang ng gobyernong Duterte mula Hulyo 2016 hanggang Nobyembre 2018 ay Php43.0 bilyon. Higit na mas mataas ito kompara sa buwanang abereyds sa buong termino nina Aquino (Php19.0 bilyon) at Arroyo (Php21.2 bilyon).

Sa mahabang panahon ay ipinangangalandakan ng pamahalaan ang paglago ng ekonomiya bilang senyales ng pag-unlad, gamit pa ang mabulaklak na terminong “*inclusive growth*”. Kasama rin daw ang mahirap sa pakinabang sa paglago ng ekonomiya. Ang totoo, hindi inclusive growth ang nangyayari at along hindi tunay na pag-unlad ang tinatahak ng bansa.

Masasabi lamang na tunay ang pag-unlad kapag may matatag na pundasyon ang ekonomiya na tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan. Mangyayari ito kung may pag-unlad sa sektor ng produksyon sa bansa, partikular sa agrikultura at manupaktura. Matibay itong makalilikha ng mga bago at malawak na saklaw ng mga produkto at mga pangmatagalan at

makabuluhang trabaho sa bansa. Hindi tutungo sa pag-unlad ang ekonomiyang ipinapaubaya sa dikta ng merkado at kapital, lokal man o dayuhan.

Sa halos apat na dekada, neoliberalismo ang ipinapatupad ng pamahalaan – ang pagbibigay prayoridad sa galaw ng merkado na mangibabaw sa lahat ng aspekto ng ekonomiya at buhay ng mamamayan. Ito mismo ang nagpadausdos sa agrikultura at manupaktura. Sa halip na maituon sa produksyon ang ekonomiya ng bansa, itinuong ito sa serbisyo para sa pangangailangan ng dayuhang kapital.

Itinuloy at pinatindi ng pamahalaang Duterte ang pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal. Noong 2018, lumago nang 0.8% lamang ang sektor ng agrikultura mula sa 4% paglago sa nakaraang taon. Indikasyon ito ng lumalalang krisis sa sektor – mas mabilis pa ang paglaki ng populasyon kesa ng sektor na magpapakain nito. Pero wala sa plano ng administrasyong Duterte na isalba ang agrikultura. Sa ipinasang badyet para sa 2019 ng Kongreso, binawasan pa ng Php1.4 bilyon ang Php50.7 bilyon badyet ng Department of Agriculture (DA) noong 2018.

Samantala, lubhang mas mabagal ang naitalang 4.9% na paglago ng manupaktura sa buong taon ng 2018 kompara sa 8.4% noong 2017. Ito na ang pinakamabagal mula 2015. Dahil ito sa mababang demand sa lokal at maging sa eksport bunsod ng pandaigdigang krisis. Hindi sumapat maging ang tuloy-tuloy na demand sa materyales pang-konstruksyon para mapabilis ang paglago ng manupaktura.

Mababaw ang manupaktura sa bansa na dinodomina ng dayuhang kapital at teknolohiya. Sa ganitong kalagayan, hindi naisasalin sa pagpapaunlad ng kapasidad ng industriyang Pilipino at lalong hindi aabot ang bansa sa pintuan ng tunay na pag-unlad.

Isang magandang halimbawa ang nangyari kamakailan sa Hanjin Philippines, pagmamay-ari ng kompanyang Korean na gumagawa ng mga barko na nagsimula sa Pilipinas noong 2006. Sa pagbubukas ng 2019, naghain ang kompanya para sa *receivership*, ibig sabihin, nalulugi ito diumano, hindi na kayang magbayad ng mga pagkakautang nito sa mga lokal na bangko, at hinihingi nito sa korte na mamagitan sa rehabilitasyon ng kompanya. Ayon

sa mga ulat, ang FDI sa kompanyang ito ay nasa US\$2.3 bilyon at ito ay mayroong 30,000 manggagawa. Makalipas ang mahigit isang dekada ng Hanjin sa bansa, wala pa ring nagsasariling industriya ng paggawa ng barko ang Pilipinas. Lumalabas din na umutang pa pala sa lokal na bangko ang dayuhang namumuhunan na ito sa halip na totoong nagpasok ng sarili niyang kapital.

Iniinda na ng ekonomiya ang epekto ng kawalan ng matatag na pundasyon, pag-asa sa mga mabuway na mapagkukunan ng paglago, at patuloy na pagpapatupad ng palpak na neoliberalismo sa ilalim ng gobyernong Duterte. Bumabagal ang inasahang paglago, at lalong papalayo ang Pilipinas sa tahak ng pag-unlad.

2 Ano ang kalagayan ng pandaigdigang ekonomiya na patuloy na inaasahan ng gobyernong Duterte?

Ang pandaigdigang ekonomiya – at sa partikular ang mga abanteng kapitalistang bansa – ay hindi pa rin nakakaahon mula sa matagal na krisis na nagsimula noong 2008. Malaki ang posibilidad na lumala pa ito ngayong 2019, at kung walang pundamental na pagbabagong magaganap sa pang-ekonomiyang polisiya ng pamahalaan, isa ang Pilipinas at ang mayorya ng mahihirap na bansa sa magiging kaswalti nito.

Ang paglago ng pandaigdigang ekonomiya ay hindi pa nanunumbalik sa antas nito bago ang 2008, at mas bumabagal pa nga. Ang paglago ng pandaigdigang GDP ay nasa halos 4% sa limang taon bago ang 2008, pero nag-abereyds na lamang ng 2.7% sa sumunod na dekada. Ang pag-angat nito sa 3.2% noong 2017 ay panandalian lamang dahil tinatayang sa 2018 babagal ito sa 3.1% at sa 3.0% sa 2019.

Humihina rin ang dalawa sa mga bansang pinaka-sinasandigan ng gobyernong Duterte. Nakikitang babagal ang paglago ng ekonomiya ng US ngayong taon sa 2.5% mula sa 2.8% ng 2018. Nasa parehong direksyon ang kasalukuyang pinakamalakas na humahamon sa katayuan ng US sa mundo, ang China. Malaki ang ginampanang papel ng interbensyon ng estado sa paglago ng China ngunit bumabagal na ito mula sa 6.6% noong 2018 at tinatayang nasa 6.3% na lamang ito ngayong taon.

Nakapako naman sa 2% ang Europe at ang Russia sa 1.4-1.5%, habang may bahagyang paglago ang Japan sa 1.4% ngayong taon. Bumabagal din ang mga tinaguriang *developing economies* mula sa tinatayang 4.4% noong nakaraang taon patungong 4.3% ngayong 2019.

Ang pagbagal na ito ng pandaigdigang ekonomiya ay masasalamain sa pagbagal ng paglago ng remitans ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat at maging ang paghina ng pagpasok ng dayuhang pamumuhunan sa bansa – dalawa sa ipinagmamalaking pinagmumulan ng paglago ng administrasyong Duterte.

Ang pagtamlay naman ng eksport ng bansa ay dahil na rin sa pagtamlay ng demand sa pandaigdigang merkado. Batay sa dami ng kalakal, ang paglago ng pandaigdigang kalakalan ay bumagal mula sa 5.3% noong 2017 sa tinatayang 3.8% noong 2018. Ang pagbagal ng demand sa *shipping at order* ng mga barko, halimbawa, ay ilan sa mga sanhi ng problema ng Hanjin Philippines na naghain ng receivership sa simula ng taon.

Dumaragdag pa sa paglala ng kalagayan ang *trade war* sa pagitan ng US at China na nagpataw sa isa't isa ng bilyong dolyar-na-halagang taripa sa ilang mga produkto. Nasa 90% na ng kalakalang US-China ang mayroong itinalagang hadlang o *barriers*.

Ginamit na rin ng US ang usapin ng pambansang seguridad para limitahan ang pamumuhunan ng China sa mga kompanyang may kinalaman sa teknolohiya. Kinokonsidera na rin nito na kontrolin ang mga estudyanteng Tsino at maging ang pagbabawal sa mga produkto ng Huawei at ZTE.

Hindi lamang sa kalakalan nagtatagisan ang dalawa. Nananatili pa rin sa trono ang US bilang nangungunang kapangyarihan sa larangan ng ekonomiya at militar. Pero hayagan na itong tinutunggali ng China sa pagpapalakas nito ng impluwensya sa buong mundo sa pamamagitan ng pagpondo sa malalaking proyektong pang-imprastruktura sa ilalim ng Belt and Road Initiative. Ang “Made in China 2025” na target palakasin ang *high-technology manufacturing* ng China ay magpapalakas din sa ekonomiya nito at magpapalawak sa kanyang pang-militar na kapasidad.

Nagtayo na rin ang China ng pandaigdigang institusyong pampinansya at pang-ekonomiyang pantapat nito sa International Monetary Fund (IMF) at World Bank – ang Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) at New Development Bank.

Ang pang-iipit ng US sa World Trade Organization (WTO) ay hindi lamang para igiit ang tumitinding proteksyonismo kundi para din gipitin ang isang organisasyon na sa tingin ng US ay nagagamit ng China sa pagpapalakas ng kanyang ekonomiya. Ang ganitong kapangyarihan ng US sa loob ng WTO ay nagpapakita ng kahungkagan ng *multilateralism* ng WTO.

Ngunit hindi lang naman US at China ang pumapaling na sa proteksyonismo. Sa ulat ng Global Trade Alert (GTA), ang mga bansang kabilang sa Group of Twenty (G-20) ay nagpatupad ng higit sa 9,041 na mga proteksyonistang hakbang mula 2008 na karamihan ay ipinatupad noong 2018. Karamihan sa mga ito ay subsidiya mula sa pamahalaan, suporta sa eksport, taripa at iba pang proteksyon sa kalakalan, restriksyon sa *government procurement*, at kontrol sa dayuhang pamumuhunan.

Bukod sa pagbagal ng paglago ng mga ekonomiya sa buong mundo, nakaamba rin ang panibagong krisis pampinansya mula sa parehong rason na nasa likod ng krisis noong 2008 – pangungutang. Lumolobo ang pandaigdigang utang at tumataas ang gastos sa pangungutang.

Sa taya ng Institute of International Finance, ang pandaigdigang utang ay nasa higit US\$244 trilyon na noong ikatlong kwarto ng 2018. Katumbas ito ng 318% ng pandaigdigang GDP na mas mataas pa sa 290% sa pagtatapos ng 2008.

Pero habang lumolobo ang utang, hindi nagkakaroon ng katumbas na paglago sa tunay na ekonomiya. Ibig sabihin, lalong hindi mababayaran ang utang na ito kompara noon. Ang US, Europe, Japan at China ay nagpatupad ng napakalalaking programang nakaasa sa pangungutang sa nakaraang dekada bilang pamamaraan nito para makaahon sa krisis. Lumilikha ng kondisyon para sa pandaigdigang krisis pampinansya ang paglaki ng utang at papataas na interest rates na maaring paputukin ng pagguho sa *stock market*, pagputok ng bula sa real estate, krisis sa pagbabangko, di-pang-ekonomikong krisis, o kombinasyon ng mga ito.

Ang tumitinding paggrupok ng pandaigdigang ekonomiya ay napakabulnerable sa mga maaaring pagputok ng mga banggaan ng iba't ibang kapangyarihan sa mundo.

Halimbawa ang magiging resulta ng mga aksyon ng US sa Syria, Iran at North Korea. May posibilidad din na maging mas agresibo ang Russia laban sa Ukraine. Malapit sa bakod ng Pilipinas ang usapin ng West Philippine Sea kung saan ang anumang pagiging agresibo ng China ay maaaring magresulta sa pang-militar na reaksyon ng US.

Hindi dadalhin sa landas ng pag-unlad ang pag-asa sa globalisasyon ng isang atrasadong bansang kagaya ng Pilipinas. Sa pagputok ng pandaigdigang krisis, isa ito sa may pinakamataas na bulnerabilidad, at sa dulo, ang mamamayan ang sasalo ng mas matinding paghihirap.

3 Ano ang pananagutan ng gobyernong Duterte sa lumalalang kalagayan ng ekonomiya?

Madaling sisihin ang mga nagdaang administrasyon sa kapalpakan ng mga patakarang neoliberal. Subalit ipinagpapatuloy ng gobyernong Duterte ang mga ito maski napatunayan na ang mga patakarang ito ang humahadlang sa tunay na pag-unlad at pag-angat ng mayoryang mahirap.

Sapat na ang apat na dekada ng neoliberalismo para patunayang hindi ito maghahatid ng inaasam na pag-unlad para sa mayorya ng mamamayang Pilipino.

Sunod-layaw pa rin sa neoliberalismo ang gobyernong Duterte dahil sa ibinibigay nitong ganansya upang makapanatili sa poder, kabalikat ang malalaking oligarkiya sa ekonomiya, mga burukrata kapitalista at mga dayuhang korporasyon at gobyerno.

Ang isa sa mga pananagutan ni Duterte sa pagpapatindi ng neoliberalismo ay ang pagtutulak ng pagbabago ng saligang batas ng bansa sa pamamagitan ng *constituent assembly* (con-ass). Tusong naipasa ang bersyon ni House Speaker Gloria Macapagal-Arroyo na Resolution of Both Houses (RBH) 15 sa Kongreso noong 15 Disyembre 2018 sa botong 224-22-3 pabor dito. Katulad ng iba pang

mga naihaing bersyon, tinatanggal nito ang iilan na lamang na restriksyon sa dayuhang pamumuhunan, gaya sa edukasyon, *mass media at advertising*, pampublikong yutilidad, pagmamay-ari ng lupa, at pagsasamantala sa likas-yaman.

Papatayin ng mga panukala para sa “charter change” (cha-cha) ang mga natitirang batayang aspirasyon na nakasaad sa Konstitusyon ng 1987 para sa tunay na pag-unlad. Aalisin ang probisyon sa pagtatayo ng nagsasariling pambansang ekonomiya, regulasyon ng pandaigdigang kalakalan, repormang agraryo, at industriyalisasyon. Tatanggalin din ang probisyong pumapabor sa paggamit ng lokal na input at paggawa, paglalaan ng ilang mga propesyon para sa mga Pilipino lamang, at ang pagbabanggit ng ilang mga karapatan ng mga manggagawa.

Pero habang wala pa ang cha-cha, may mga hakbang na rin ang administrasyong Duterte para bigyan ng dagdag na espasyo ang dayuhang negosyo sa ilang sektor ng ekonomiya na hindi sakop ng proteksyon ng Saligang Batas. Inaprubahan ni Duterte ang ipinasa ng National Economic and Development Authority (NEDA) na 11th Foreign Investment Negative List (FINL) – listahan ng mga erya ng ekonomiyang may restriksyon sa dayuhang pagmamay-ari o pamumuhunan. Pinaiksi ito ng NEDA sa diwa ng pagbubukas pa ng mga natitirang sektor. Higit na binuksan para sa dayuhang pamumuhunan ang konstruksyon para sa *public works*, negosyong internet, paglikha at suplay ng kuryente, *radio communications networks*, *insurance firms*, at *wellness centers*. Mahalaga sana ang mga restriksyon sa mga ito para masiguro ang higit na ganansya ng lokal na ekonomiya.

Ang isa pang pananagutan ng gobyernong Duterte ay ang pagpapatindi ng mga tagibang na kasunduan sa kalakalan o *free trade agreements* (FTA), na pinapasok ng pamahalaan sa ibang bansa. Sa halip na itulak sa mga kasunduang ito ang mga probisyong paborable sa pambansang pag-unlad, mas ibinubuyangyang pa ng administrasyong Duterte ang ekonomiya para sa kapakinabangan ng mga dayuhang korporasyon. Sa ngayon, nasa proseso ng negosasyon ang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP), United States-Philippines Free Trade Agreement (US-PH FTA), at ang FTA sa pagitan ng Pilipinas at European Union (EU). May dalawa pang bansang tinatarget para sa FTA ang pamahalaan ayon sa NEDA.

Isa ring pananagutan ng gobyernong Duterte ang pagtindi ng importasyon ng bansa, laluna ng mga batayang pagkain. Pirma na lamang ni Duterte ang hinihintay para tuluyan nang maipatupad ang pag-amyenda sa Republic Act (RA) 8178 o ang Agricultural Tariffication Act. Ito ay para mas buksan pa ang importasyon ng bigas sang-ayon sa matagal nang dikta ng WTO. Sa ilalim nito tatanggalin ang kantitatibong restriksyon sa pag-angkat ng bigas kapalit ng pagpataw ng 35% taripa sa mga papasok na bigas sa bansa. Tatanggalan na rin ng kapangyarihan ang National Food Authority (NFA) sa importasyon ng bigas. Minamadali ito ng NEDA sa Kongreso dahil ang pagmahal daw ng bigas ang isang salik sa mataas na implasyon nitong nakaraan.

Tagibang ang lohika ng pamahalaan na ang liberalisasyon daw ang sagot sa kawalan ng murang bigas sa bansa. Nagbibigay lamang ito ng higit na pagkakataon para sa malalaking importer ng bigas na tumabo ng tubo habang inilalagay nito sa peligro ang seguridad sa pagkain. Anim na porsyento lamang ng produksyon ng bigas sa buong mundo ang napupunta sa pandaigdigang kalakalan. Ang bulto ng produksyon ay napupunta sa konsumo ng lokal na nagprodyus. Mali na umasa ang Pilipinas sa pandaigdigang pamilihan. Sa katunayan, sa panahon ng kalamidad o kakulangan sa suplay sa kani-kanilang mga bansa, lalong hindi magiging prayoridad ng mga bansang tulad ng Thailand at Vietnam ang pag-eeksport ng bigas.

Wala ring katiyakan na dadami ang murang imported na bigas sa lokal na pamilihan kung liberalisado na ang importasyon. Palaging higit na mas mataas ang presyo ng bigas na nasa pandaigdigang pamilihan at pumapasok sa bansa kompara sa lokal na produkto. Kung sinsero ang pamahalaan sa naisin nitong magkaroon ng murang bigas para sa mamamayan, dapat proteksyonan at suportahan nito ang lokal na agrikultura para mapataas ang produktibidad. Bukod sa mas makokontrol nito ang suplay at presyo ng bigas sa lokal na merkado, pasisiglahin pa nito ang kabuhayan ng mga magsasaka sa kanayunan na siya rin namang kalakhan ng konsumer.

Ang pinakatumampok na pananagutan ng gobyernong Duterte sa pagpapatindi sa lumalalang kalagayan ay ang pagpataw ng napaka-regresibo at kontra-mahirap na buwis. Alinsunod sa neoliberal na doktrina ng pagbibigay-prayoridad sa merkado at pribadong tubo, sa halip na sistema ng pagbubuwis na pagkuha

mula sa mayaman – kita, ari-arian at kapital ng mayaman at malalaking korporasyon – upang maipamahagi ito bilang serbisyong panlipunan at pang-ekonomyang pag-unlad para sa mahirap, baliktad ang ipinatupad ng gobyernong Duterte.

Mabigat para sa 60% na pinakamahihirap na pamilyang Pilipino ang mga bago at dagdag na buwis ng TRAIN package 1-A gaya ng *excise tax* sa mga produktong petrolyo na lubhang tumaas ang presyo. Mula 2018 hanggang 2020, mababawasan ang mahihirap na pamilya ng mula Php1,830 hanggang Php5,563 kada taon dahil sa TRAIN. Sa kabilang banda, dinagdagan ng TRAIN ang naiuwing pera ng mga may matataas na kita kabilang ang pinakamayayamang pamilya sa bansa ng Php26,104 hanggang Php179,602 kada taon dahil sa pagbaba ng kanilang *personal income tax* (PIT). Mistulang hindi pa ito sapat, nagbigay pa ng amnestiya ang pamahalaan sa pamamagitan ng TRAIN package 1-B sa mga malalaking negosyante at mayayaman na hindi maagap na nagbabayad ng wastong buwis o sadyang umiiwas sa kanilang obligasyon. Hindi pa rin dito nagtatapos ang inhustisyang ito – ibababa naman ng package 2 ng TRAIN ang buwis sa kita ng mga korporasyon at irarasyonalisa ang mga insentibong binibigay sa mga ito.

Direktang pananagutan din ng gobyernong Duterte ang pagpapatupad ng kanyang grandeng programa sa imprastruktura, ang Build, Build, Build (BBB). Parang drogang panturok ito ng gobyernong Duterte sa tumatamlay na ekonomiya. Inaasahang makaranas ng bagong *high* o kakaibang pagsigla ang ekonomiya sa paggastos ng pamahalaan partikular sa imprastruktura. Ayon sa isang ulat ng Department of Budget and Management (DBM), higit doble ang itinaas ng paggastos para sa imprastruktura mula 3.0% ng GDP noong 2011 hanggang 2016 patungong 6.3% noong 2017, at tinatanaw nito ang 6.2% para sa kabuuan ng 2018. Nasa Php728.1 bilyon na ang gastos para sa imprastruktura at iba pang *capital outlay* noong Nobyembre 2018.

Ngunit walang indikasyon ng anumang pagbugso sa mga proyektong kabilang sa BBB. Sa ulat ng NEDA, sa 75 *flagship projects* ng administrasyon na nagkakahalaga ng Php2.1 trilyon, 11 proyektong pa lamang ang nagsimula o natapos na ang konstruksyon. Ang kabuuang halaga ng 11 proyektong ito na Php39.9 bilyon ay katumbas lamang ng 1.8% ng kabuuang halagang nabanggit. Labingwalong (18) proyekto na nagkakahalaga ng Php617.3 bilyon

(28.4% ng total) ang nasa relatibong abanteng implementasyon at nasa yugto na ng *procurement* o di kaya ay sa detalyadong pagdidisenyo na.

Mayroong 15 proyektong nagkakahalaga ng Php878.6 bilyon o 40.4% ng kabuuang halaga ang naghahanap pa lamang ng magpopondo. Ang nalalabing 31 proyektong nagkakahalaga ng Php637.7 bilyon (29.3%) ay nasa yugto pa rin ng pagpapaunlad o kaya'y pagrerebyu. Suma-total, makalipas ang dalawa't kalahating taon ng pagkapangulo ni Duterte, mayorya ng mga proyekto ay nasa yugto pa lamang ng pagpapaunlad o di kaya'y nasa maagang bahagi ng implementasyon, at 1.8% pa lamang ang aktwal na nagsimula ng konstruksyon.

Bukod sa esensya ng BBB na nakatuon sa tubo ng pribadong kapital at pakinabang sa negosyo, may agam-agam din hinggil sa *absorptive capacity* ng gobyerno, pribadong sektor at ekonomiya na maipatupad ang BBB. Kwestyonable rin ang *economic viability* ng mga proyektong pang-imprastruktura sa gitna ng pagbagal ng ekonomiya at kawalan ng pambansang industriya at pag-unlad sa kanayunan. Ang ibig sabihin ng lahat ng ito ay kung handa nga ba ang gobyerno at ekonomiya na magpatupad ng grandiyosong imprastruktura, gayong wala namang kapasidad iprodyus ang mga materyales o walang plano para sa pag-unlad.

Sentral na usapin sa BBB ang tanong kung ang mga imprastrukturang ito ay magsisilbi ba sa pag-unlad ng ekonomiyang mararamdaman ng mayorya ng mamamayan. Ang katangian ng mga proyekto ay imprastrukturang pang-transportasyon na nakasentro sa mga rehiyon ng Gitnang Luzon, National Capital Region (NCR), at Timog Katagalugan. Padadaliin nito ang mobilidad para sa mga negosyong lokal at transnasyonal na nakasentro sa mga nabanggit na rehiyon. Samakatuwid, magsisilbi ang BBB sa mga pangangailangan ng negosyo sa mga rehiyon kung saan sila nakasentro. Labis na nakikinabang ngayon ang mga kompanyang nakakopo ng mga kontrata para sa mga proyekto at diumano malaki ang naging ganansya lalo ng mga malalapit sa kalan, 'ika nga.

Pinahusay din ng administrasyong Duterte ang *public-private partnerships* (PPP) bilang moda sa pagpapatupad ng BBB. Ang pagpapatindi rito, di tulad ng sa nagdaang administrasyong Aquino, ay mismong gobyerno ang magpapatayo ng pasilidad o imprastruktura habang ang pribadong korporasyon ang tutubo sa

pag-oopereyt at pagmamantini nito sa loob ng mahabang panahon. Malaking bahagi ng pondong ilalaan ng gobyernong Duterte ay mula sa pangungutang at pagbubuwis upang mabayaran ito. Kung kaya't sinasabing ang TRAIN ay kakambal ng BBB.

Ang isa pang itinuloy din ng gobyernong Duterte ay ang pagbubukas sa mga *unsolicited proposals* mula sa malalaking pribadong korporasyon para sa mga proyektong pang-imprastruktura. Ang *unsolicited proposals* ay mga proyekto na wala naman sa plano ng pamahalaan subalit ipinapanukala ng mga korporasyon. Ito ay nakasisira sa dapat ay sentralisado at mas organisadong pagpapalano ng latag ng imprastruktura sa bansa at nagbibigay ng panibagong larangan na maaaring pagtubuan ng mga nasabing korporasyon habang naisasantabi ang serbisyo publiko. At dahil nilalampasan nito ang malinaw na proseso ng pagsasagawa ng mga proyekto, itinataas din ng *unsolicited proposals* ang insidente ng korupsiyon.

Mahalaga sa pag-unlad ang imprastruktura. Subalit kung ito lamang ang plano ng gobyerno at walang matatag na planong pang-ekonomiya, hindi magaganap ang pag-unlad. Artipisyal at panandalian lamang ang paglagong ihahatid ng BBB samantalang napakalaki ng risgo ng paglobo ng pambansang utang na hindi naman mababayaran. Sa kalaunan, dagdag pang pahirap ito sa mamamayan sa pamamagitan ng dagdag na buwis at pagbabayad para sa mga imprastruktura.

4 Paano ito naging higit na pahirap sa naghihirap nang mamamayan?

Noong 2017, naging mas mayaman nang 28% ang isang dosenang Pilipinong nasa US\$1 bilyon pataas ang kita kompara noong 2016. Kung pagsasamahin ang kanilang yaman, aabot ito sa Php2.8 trilyon, katumbas ng halos tatlong kapat ng pambansang badyet noong 2018 na Php3.8 trilyon.

Mula naman 2010 hanggang 2017, 65% ang itinaas ng tubo ng Top 1000 corporations sa bansa – Php1.33 trilyon noong 2017 kompara sa Php804.1 bilyon noong 2010.

Samantala, kabaliktaran ang nararanasan ng mamamayan sa patuloy na pagharap sa lumalalang kawalan ng trabaho, mababang kita, mataas na presyo ng mga bilihin, pagbigat na mga buwis, at bulok na pampublikong serbisyo.

Pinagtatakpan lamang ang totoong kalagayan ng kasalukuyang krisis sa trabaho na kinakaharap ng bansa, na resulta ng ekonomiyang nakatuon lamang sa serbisyo at importasyon. Nakakaalarma ang kalagayang pahina nang pahina ang kakayahan ng ekonomiyang lumikha ng makabuluhang trabaho para sa lumalaking lakas-paggawa.

Pinakamababa ang paglikha ng trabaho ng administrasyong Duterte kompara sa mga nauna pang administrasyon pagkatapos ni Marcos. Sa preliminaryong datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), ang pangkaraniwang taunang paglikha ng trabaho sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon ay 81,000 lamang para sa mga taon ng 2017 at 2018. Napakababa nito kompara sa panahon ni Corazon Aquino noong 1987-1992 (810,000), Ramos noong 1993-1998 (489,000), Estrada noong 1999-2001 (842,000), Arroyo noong 2002-2010 (764,000), at Benigno Aquino III noong 2011-2016 (827,000).

Ipinagmalaki pa ng mga ekonomista ng pamahalaan ang 825,000 na mga bago diumanong trabahong nalikha noong 2018 nang hindi ipinapakita ang pinakamalaking pagliit ng bilang ng trabaho sa nakalipas na dalawang dekada noong 2017 kung saan 663,000 ang nawalang trabaho. Kaya't kung tutuusin apat sa limang bagong trabahong nalikha ay pumuno lamang sa mga nawala noong 2017. Mas marami pa nga ang 5,757 na overseas Filipino workers (OFW) ang umaalis kada araw noong unang semestre ng 2018 kompara sa nalilikhang 2,260 trabaho sa bansa kada araw sa parehong taon.

Makikita rin sa kada-kwartong *labor force survey* ng pamahalaan noong nakaraang taon ang lumalalang kalagayan ng paglikha ng trabaho. Sa pagkokompara ng parehong panahon sa 2017, nalikha ang 2.4 milyong trabaho noong Enero 2018, bumagsak ito sa 625,000 pagdating ng Abril at lalo pang lumiit sa 488,000 noong Hulyo. Pagsapit ng Oktubre, 219,000 trabaho ang nawala sa ekonomiya. Sa pagtatapos ng taon sinalo lamang ito ng panandaliang trabaho sa sektor ng konstruksyon at ang kapansin-pansing pagtaas sa trabaho sa pampublikong sektor ang empleyo sa bansa.

Nakababahala ang mahinang paglikha ng trabaho. Mahalaga ang trabaho para makinabang ang mamamayan sa pamamagitan ng mas mataas na kita. Ang mas kaunting trabaho ay nangangahulugan ng mas mababang kita.

Sa kabila ng pinakamababang paglikha ng trabaho, nag-ulat ang pamahalaan ng pagbaba sa bilang ng walang trabaho nang 62,000 mula 2.4 milyong noong 2016 patungong 2.3 milyong noong 2018. Bumaba rin daw ang tantos ng kawalan ng trabaho sa 5.3% noong 2018 na pinakamababa sa nakalipas na apat na dekada.

Ang mistulang magkasalungat na penomenon na ito ay nagmula sa pagbabago ng metodolohiya ng pamahalaan noong 2005 sa pagbibilang ng kung sino nga ba ang bahagi ng pwersa sa paggawa at sino dito ang bibilangin bilang walang trabaho. Ang pwersa sa paggawa, sang-ayon sa bagong metodolohiya, ay yaong bahagi ng populasyong edad 15 taon pataas na aktibong naghahanap ng trabaho at agarang maaaring magtrabaho. Mula sa pwersa sa paggawa, itinatala kung ilan sa mga ito ang may trabaho at walang trabaho.

Dahil sa pagpalit ng metodolohiya, partikular sa pagbago ng depinisyon, gumanda ang estadistika ng kawalan ng trabaho sa bansa sa dalawang pamamaraan. Una, dahil sa implementasyon ng *senior high school* ng programang K-12 mula noong 2016, ang mga kabataang nasa edad 15 pataas at disinsana'y kabilang sa pwersa sa paggawa ngunit nasa eskwelahan pa dahil sa dagdag na dalawang taon ay napabilang sa tinatawag na *not in the labor force* (at kung ganoon ay hindi bahagi ng pwersa sa paggawa).

Ikalawa, binilang na rin sa *not in the labor force* ang mga Pilipinong edad 15 pataas na hindi agarang maaaring magtrabaho at ang mga *discouraged workers* na hindi aktibong naghahanap ng trabaho sa nakalipas na anim na buwan. Sa dating metodolohiya, kabilang ang mga ito sa walang trabaho dahil tunay namang wala silang trabaho.

Dahil sa dalawang rasoning ito, bumaba ang *labor force participation rate* (LFPR) mula 61.2% noong 2017 tungong 60.9% noong 2018. Pinakamababa ito sa nakalipas na 38 taon mula noong 1980. Hindi nakapagtataka, bumaba rin ang opisyal na bilang ng walang trabaho at tantos ng kawalan ng trabaho.

Para maipakita ang tunay na bilang ng walang trabaho sa bansa, ginamit ng IBON ang dating opisyal na depinisyon ng empleyo, at sa taya nito ay nasa 4.6 milyon ang walang trabaho noong 2017 – pinakamalaki sa kasaysayan ng bansa at halos doble ng opisyal na iniulat na 2.4 milyon. Ang tunay na tantos ng kawalan ng trabaho ay tinatayang nasa 10.3% sa halip na 5.7% na opisyal na iniulat. Ang taunang abereyds na tantos ng kawalan ng trabaho noong batbat ng krisis na huling mga taon ni Marcos ay 10.3% din noong 1981-1985.

Nitong 2017, 11.1 milyong Pilipino ang walang trabaho (4.6 milyon) o kulang ang trabaho (6.5 milyon) – isa sa bawat apat na kabilang sa pwersa sa paggawa. Wala pang alternatibong taya para sa 2018.

Ang kasalukuyang kalagayan ng kawalan ng trabaho sa bansa ay pagpapatuloy ng ilang dekada nang matindi subalit pinagtatakpang krisis sa trabaho. Tumaas ang tantos ng kawalan ng trabaho mula 4.2% noong 1979 patungong 11.8% noong 2004 at nanatili sa mataas na taunang abereyds ng 10.5% noong 2005-2017.

Naganap ito matapos ang pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal na ipinagpapatuloy hanggang ngayon. Nagdulot ito ng pagbagsak ng agrikultura at industriya at nagtransporma sa Pilipinas sa pagiging tuon sa serbisyo kaysa nakapokus sa produksyon. Nagresulta ito sa kahinaan sa paglikha ng trabaho sa bansa.

Samantala, nananatiling mababa ang pasahod sa bansa, bilang katangian na rin ng patakaran sa pag-akit ng dayuhang pamumuhunan. Ang minimum na sahod ay kapos sa kailangan ng isang pamilya upang mabuhay nang disente. Ang minimum na sahod sa NCR halimbawa na Php537 ay kapos na kapos sa nakabubuhay na sahod o *family living wage* (FLW) na Php996 para sa pamilyang may limang myembro o sa Php1,196 FLW para sa pamilyang may anim na myembro.

Nanatiling mababa at kapos sa pang-araw-araw ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawa. Ayon sa PSA, ang tunay na halaga ng *average daily basic pay* (ADBP) ng mga sahurang manggagawa noong Enero 2018 na Php364 ay 1.6% lamang ang itinaas mula noong 2001.

Wala na ngang trabaho at matinong kita, sumirit pa ang pagmahal ng presyo ng mga bilihin noong 2018. Ang *inflation rate* para sa taong 2018 ay 5.2%, mula ito sa 2.9% noong 2017 at 1.3% noong 2016. Ito ang pinakamataas na *inflation rate* sa loob ng isang dekada matapos ang 8.2% noong 2008.

Mas mabigat ang implasyon para sa pinakamahihirap na 30% ng populasyon, lalupa't malaking bahagi ng pagtaas ng presyo ay sa mga pagkain kabilang ang bigas. Mas malaking bahagdan ng kanilang kinikita ay napupunta sa pagkain kompara sa mayayaman. Kung 5.2% ang *inflation rate* sa buong bansa para sa buong taon, para sa pinakamahirap na 30% ng populasyon, nasa 7.1% ito.

Bumagal man sa 5.1% ang *inflation rate* sa huling buwan ng 2018, nabawasan na ng mula Php3,300 hanggang Php7,300 ang kita ng pinakamahirap na kalahati ng populasyon ng bansa. Kumbaga sa kasabihan, patay na ang kabayo bago pa man dumating ang *cash transfer* at *fuel vouchers* ng pamahalaan sa mga pinaka-nangangailangan ng mga ito. Nasa 1.9 milyong benepisyaryo, o isa sa bawat lima, ang hindi pa rin nakakatanggap ng kanilang *cash transfer* noong Nobyembre, samantalang 67,721 o kulang sa kalahati pa lamang ng mga jeepney drayber ang nakatanggap ng kanilang *fuel vouchers*.

Minaliit ng pamahalaan ang papel ng TRAIN sa pagsirit ng presyo. Pero hindi nito naloko ang publiko at nagkaroon ng pagkilos ang sektor ng kababaihan, grupo ng mga konsumer at iba pa sa ikalawang hati ng 2018 na may panawagang *i-repeal* ang TRAIN Law.

Agad ding tinanggihan ng mga ekonomista ni Duterte kasabay ng mga grupo ng mga negosyante ang kahilingan para sa makabuluhang pagtaas na sahod ng mga manggagawa. Lalo lamang daw tataas ang *inflation rate* kung pagbibigyan ito. Pinaghihigpit ng sinturon ang mga manggagawa habang sinesegurong hindi nababawasan ang tubo ng mga empresa.

5 Ano ang matingkad na katangian ng pamumuno ng gobyernong Duterte sa harap ng lumalalang krisis ng Pilipinas?

Tumitindi ang pampolitikang kaguluhan sa ilalim ng administrasyong Duterte. Nasa ubod nito ang dobleng pagsusumikap ni Duterte at ng kanyang mga kasapakat para maabot ang kanilang ambisyong mapalawak ang saklaw ng kanilang kapangyarihan at makapanatili sa poder.

Cha-cha ang magiging daan para masegurong maabot nila ang ambisyong ito. Ipinapain sa RBH 15 ang mga probisyon ng *term extension*, *unli term*, at *pork barrel* para makuha ang suporta mula sa mga mambabatas lalo na ng mga Senador. Sa unang araw pa lamang, konsolidado na ni Duterte ang *supermajority* sa Kongreso. Ibinigay na rin ang nais na hiwalay na pagboto ng Senado bukod pa sa paborableng pampolitikang rebisyon sa Konstitusyon. Tiniyak din ni Duterte ang kanyang impluwensya sa Supreme Court sakaling may maghabol sa magiging resulta ng cha-cha.

Kaiba sa mga nakaraang administrasyon na nagtulak ng cha-cha, matingkad ang paggamit ng awtoritarianismo ni Duterte para itulak ang mga pansariling agenda nito. Halos aabutin na niya ang konstitusyonal na awtoritarianismo sa panahon ng diktaduryang Marcos.

May pagkakaiba man sa ilang mga detalye ang iba't ibang bersyon ng panukala sa cha-cha, ang kanilang probisyon sa transisyon ng pamumuno ay pareparehong nagkokonsentra ng labis na kapangyarihan sa pangulo. Sa oras na maratipikahan ang bagong Konstitusyon hanggang sa unang eleksyon sa 2022, binibigyan ang kasalukuyang pangulo ng labis na kontrol sa ehekutibo, lehislatibo at impluwensya sa hudikatura. Bukod sa poder at pagyaman, malaking pagkakataon rin ito para kay Duterte para siguraduhing magkakaroon siya ng *immunity* mula sa mga kasong maaari niyang kaharapin pagbaba niya sa pwesto, gaya halimbawa ng matinding paglabag sa karapatang pantao. Gayundin, magpapatuloy at mananatiling walang pananagutan ang korupsiyon sa loob ng pamahalaan. Pahintulutan man siya o hindi na muling makatakbo sa eleksyon matapos ang cha-cha, paniguradong ilalatag na ni Duterte ang mga mekanismo para sa mga pansarili nitong kapakinabangan.

Ibinibenta ang cha-cha sa iba't ibang sektor. Nililinlang ng administrasyon ang mamamayan sa pamamagitan ng pagkukubli na ang cha-cha ay para sa pansariling pakinabang sa likod ng reporma patungo sa pederal na porma ng pamahalaan. Paborable naman sa mga oligarkiya at mga transnasyonal na korporasyon ang pagtatanggal ng mga susing probisyon para sa makabayang ekonomiya at restriksyon sa dayuhang pamumuhunan.

Para naman makuha ang suporta ng tradisyonal na mga politiko sa Senado, Kongreso at lokal na mga pamahalaan, ginamit ng administrasyon ang kontrol nito sa pork barrel at ang mga bentahe nito na nagmumula sa kapangyarihan ng ehekutibo. Mabenta rin sa mga trapo ang mga paborableng probisyon sa mga nakahaing proposal gaya ng pananatili sa pwesto hanggang 2022 (kabilang ang kanselasyon ng eleksyon 2019); pagtatanggal ng limit sa termino ng mga ito; at pagbibigay ng higit na kapangyarihan sa mga pampolitikang dinastiya, kabilang ang pagkolekta ng lokal na kita ng pamahalaan.

Maaari pang lumusot ang cha-cha sa mga nalalabing araw ng Kongreso bago ito mag-recess para sa eleksyon. Kung hindi man, pwede pa rin itong itulak matapos ang eleksyon 2019. Paniguradong gagamitin ng administrasyon ang lahat ng rekurso at pamamaraang meron ito para tiyakin na ang mga mananalong Senador ay magiging sunud-sunuran sa mga programa ng administrasyon. Nauna nang napasailalim sa impluwensya nito ang Supreme Court mula nang mapatalsik sa pwesto si dating Chief Justice Lourdes Sereno kaya naman handa itong magmaniobra sa anumang paghamon sa cha-cha sa larangang ligal.

Ang isa pang kinatatangian ng pamumuno ni Duterte ay ang pakikipag-alyansa nito sa mga isinuka na ng mamamayan na mga trapo at kilalang mandarambong gaya nina Arroyo, mga Marcos at mga Estrada. Ang pag-agaw ni Arroyo sa liderato ng Kongreso at ang bangayan sa pork barrel sa pambansang badyet ng 2019 noong nakaraang taon ay nagpapatunay lamang ng papatinding paksyonal na labanan sa pagitan ng mga naghaharing uri. Nakasentro pa rin ang kapangyarihan sa pangulo ngunit hindi absoluto ang kontrol nito sa kasalukuyang naghaharing kowalisyon maski ang pagiging tapat nito sa kanya.

Subalit ang pinakatampok na katangian ng pamumuno ni Duterte ay ang pagpapatindi ng awtoritarianismo. Alam ni Duterte na may hangganan ang maaabot niya kung aasa siya sa tradisyonal na pagpapanggap ng pagtataguyod ng demokrasya at kung hindi itutulak ang awtoritarianismo. Kalkulado at planado ang mga hakbang na kanyang ginagawa para itatag ang ganitong uri ng pamumuno. Ang kanyang brutal na gera kontra-droga ay pambungad lamang upang iparating sa mamamayan na hindi sya mag-aalinlangan sa paggamit ng na dahas. Ang kanyang mga biro tungkol sa *rape* at ang pagtaas ng bilang ng pagpatay ng mga kabataan at bata, maging sa urban man dahil sa gera kontra-droga o sa kanayunan dahil sa militarisasyon, ay may layong maghasik ng takot sa mga ordinaryong mamamayan.

Para pagtibayin ito, ginamit ni Duterte ang insidente sa Marawi City para bigyang matwid ang deklarasyon ng martial law sa Mindanao at pagbuhos ng pwersang militar, kasapakat ang gobyernong US, sa buong isla. Ang inaprubahang ekstensyon ng martial law sa kabila ng mga abuso ng militar ay nagpapakita lamang ng impluwensya ni Duterte sa hanay ng militar, sa lehislatura at sa hudikatura.

Matapos ilatag ang kredensyal nito sa awtoritarianismo, ipataw ang martial law, at ibalik sa poder ang mga magnanakaw, at habang hindi pa naaprubahan ang cha-cha, pinapakitid ni Duterte ang demokratikong espasyo para sa mamamayan. Ang mga kaganapan noong 2018 sa larangan ng politika sa bansa na nagpatibay sa awtoritaryang pamumuno ni Duterte ang siya ring pagmumulan ng kaguluhang pampolitika ngayong 2019.

Ang deklarasyon ng martial law sa Mindanao ay hindi naman talaga nakatutok sa pagtapos sa sinasabing terorismo kung hindi upang supilin ang pakikibaka ng mamamayan sa napakayamang isla kung nasaan ang negosyo ng karamihan sa mga kapamilya at ng mga nasa loob ng sirkulo ni Duterte. Dito rin pinakamadaling impluwensyahan ang resulta ng eleksyon 2019, tulad ng nagawa na ni Arroyo noong eleksyon 2004.

Mistulang silip ng maaaring eksena ng eleksyong 2019 ang naganap na plebisito para sa Bangsamoro Organic Law (BOL) o RA No. 11054. Pinatatampok ito ngayon ng gobyernong Duterte na kanyang tagumpay sa pagsusulong ng kapayapaan at tugon sa kahilingan para sa pagpapasya sa

sarili ng Bangsamoro. Subalit sa katotohanan, lubhang napakalabnaw na ng BOL kompara sa mga orihinal na kahilingan ng Bangsamoro. Sa plebisito para rito noong Enero 21 lumabas ang samu't saring kwestyonableng resulta sa ilang mga lugar gaya ng Cotabato City. Nananaig pa rin sa BOL ang mga lumang elitistang probisyon tulad ng kontrol ng estado at negosyo sa likas-yaman kaya't malabong maiaangat nito sa kahirapan ang mga eryang Bangsamoro, na kinabibilangan ng rehiyong Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) na may pinakamataas na *poverty incidence* na 53.7 porsyento.

Pero bukod dito, kinokondisyon ng pamahalaan ang mga mamamayan sa pangangailangan ng martial law at mapadali ang aplikasyon nito sa buong bansa, deklarado man o hindi, para tiyakin ang tuloy-tuloy na paggulong ng kanyang mga plano. Kung sakaling hindi magtagumpay ang paglusot ng Cha-cha sa lehislatura, hindi malayong martial law ang *plan B* ng administrasyon.

Pinapatampok din ng martial law ang pagiging katanggap-tanggap ng tumitinding militarismo sa bansa at militarisasyon ng gobyernong sibilyan. Lalong tumindi ang mga operasyong militar sa kanayunan lalo na matapos ang biglang pag-atras ng gobyernong Duterte sa usapang pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Inilabas ng pamahalaan noong Nobyembre 2018 ang Memorandum Order No. 32, na ginamit ang nauna nang proklamasyon ng *state of emergency* sa Mindanao para sa higit na *deployment* ng pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) sa Samar, Negros Oriental at Occidental, at Bicol. Nang sumunod na buwan, inilabas naman ang Executive Order No. 70 na nag-iinstitusyonalisa sa doktrina ng militar para tapusin ang armadong pakikibaka ng mga komunista, ang tinatawag na "*whole-of-nation approach*", na nagpapataas ng militarisasyon ng mga tungkulin sa pamahalaan sa pag-obliga sa mga ahensya at lokal na pamahalaan na makipagkoordinata sa AFP. Ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) na namumuno sa mga komisyon sa kahirapan, pambansang minorya at maralitang taga-lungsod ay pinamumunuan ngayon ng isang dating heneral. Gayundin ang Department of Interior and Local Government (DILG) kung saan napapailalim ang mga komisyon sa mga Pilipinong Muslim, kababaihan at kabataan.

Mayroon ngayong 68 opisyal – 49 mula sa militar at 19 mula sa kapulisan – ang naitalaga sa 46 na ahensya ng pamahalaan at 31 dito ay humahawak ng pinakamataas na posisyon sa ahensyang kinabibilangan nila. Anim lamang sa mga ahensyang ito ang may kinalaman sa militar; 8 ay may kinalaman sa panlipunang kagalingan at proteksyon; 10 ay ahensyang pang-imprastruktura; 7 ang sa lokal na pamahalaan o sistema ng hustisya; 5 ahensya ang may kaugnayan sa kalikasan at agrikultura; 5 ang pampinansya at mga korporasyon ng gobyerno o *government-owned and controlled corporations* (GOCCs); 2 ang *customs* at imigrasyon; at tig-isang opisina ng kapayapaan, *executive secretary* at *diplomatic post*.

Kasangkapan ang mga ito ng administrasyon para higit na pakitirin ang demokratikong espasyo sa bansa at atakehin ang malawak na hanay ng mamamayan. Nabuo sa harap ng awtoritarianismo ng administrasyong Duterte ang malalapad na organisasyon at alyansa para sa pagtataguyod ng karapatang pantao, para sa paglaban ng kababaihan sa misoginismo, para sa panawagan para sa karapatan ng mga manggagawa, at maging laban sa Cha-cha. Ang United People's SONA at kowalisyon ng Nagkaisa-Kilusang Mayo Uno ay ilan sa manipestayon ng pagkakaisa. Laban sa neoliberalismo at awtoritarianismo ang diwa ng pagkakaisa ng malawak na hanay ng mamamayan, na siyang nagpapanginig ng tuhod ni Duterte at ng kanyang sirkulo. Ito ang pinakamalaking banta sa kanyang paghahari kaya naman lalo niyang pinatitindi ang awtoritarianismo para maghasik ng takot at biyakin at wasakin ang pagkakaisang ito.

Muling binuhay ang paggamit sa *communist scare* para pasamain ang malawak na kilusang mamamayan at bigyang katwiran ang pag-atake sa mga kalayaang sibil na napagtagumpayan sa mga pakikibaka sa kasaysayan. Dahil ang Kaliwa ang pinaka-konsolidado at organisadong grupo sa loob ng malawak na nagkakaisang hanay at siya ring may malinaw na inihahaing alternatibo sa bulok na sistema sa bansa, pinupuntirya ito ng atake ng gobyerno. Tinatakot naman ang mga kaugnayan at kaibigan ng Kaliwa.

Naglabas ang Department of Justice (DOJ) ng walang batayang listahan ng mahigit 600 pangalan ng diumano'y mga kasapi ng Communist Party of the Philippines-New People's Army (CPP-NPA) at humingi na ideklara ang CPP-NPA bilang teroristang grupo. Isinama sa listahan ang mga kilalang

tagapagtanggol ng karapatang tao, *peace advocates*, at maging isang *rappporteur* ng United Nations (UN). Tinanggal din ang karamihan sa listahan kalaunan, patunay na pananakot at *harassment* ang isa sa mga layunin nito.

Sumunod naman ang gawa-gawang iskrip ng *Red October plot* ng AFP at PNP na nagtukoy ng mga sibil at demokratikong organisasyon, maging ng ilang unibersidad na inakusahang may kaugnayan sa armadong grupo ng NPA. Binigyang-katwiran nito ang pagpatay sa mga batayang sektor na may malakas na paglaban para sa kanilang mga demokratikong karapatan at kahilingan, ang *harassment* sa mga indibidwal at mga grupo, ang panggigipit sa mga ito sa pamamagitan ng mas mahigpit na proseso sa burukrasya, paniniktik gaya ng ginawa sa mga guro ng Alliance of Concerned Teachers (ACT), paniniktik sa non-government organizations at people's organizations sa pamamagitan ng bagong labas na memo ng Securities and Exchange Commission (SEC), iligal na pag-aresto, at maging ang pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso gaya ng *illegal possession of firearms at explosives*, *murder*, at nitong nakaraan maging ng *kidnapping at child-trafficking*.

Nakahain na sa Konggreso at Senado ang mga rebisyon para sa Human Security Act of 2007. Sa tabing ng kampanya kontra-terorismo, direktang atake ito sa mga karapatan ng mamamayan gaya ng karapatan sa pagkakaroon ng tinatawag na *due process*, karapatang magpahayag, sumali sa mga organisasyon, at kalayaan sa pamamahayag at pagbiyahe.

Higit na agresibo ang awtoritarianismo ng rehimen para supilin ang demokratikong paglaban ng mga mamamayan. Subalit sa pagtindi ng awayan sa pagitan ng mga paksyon sa loob ng naghaharing uri at sa kalagayang hindi 100% ang konsolidasyon ng pamumuno dito ni Duterte, ang papatinding awtoritarianismo ay maaari pang magpalala sa mabuway na politika ng bansa.

6 Nagbago na ba ang oryentasyon ng patakarang panlabas ni Duterte?

Isa sa mga ibinida ni Duterte sa pag-upo niya bilang pangulo ang diumano'y pagtatapos ng panahong nangangayupapa ang Pilipinas at presidente nito sa dayuhan. Matapos ng wala pang tatlong taon, lalong lumala ang maka-dayuhang katangian ng patakarang panlabas ng gobyernong Duterte.

Malakolonyal ang patakarang panlabas ng Pilipinas, hindi nagsasarili at lalong hindi anti-US. Lalo pang lumalim ang relasyon ni Duterte sa US lalo na sa usapin ng militar at panseguridad sa kabila ng pakikipagmaigihan nito sa China na karibal ng US.

Namamayani pa rin ang impluwensya ng US sa kabila ng pagtaas ng pagpasok ng ayuda at puhunan mula sa China. Tumaas man ito sa nakalipas na 2-3 taon, mas mababa pa rin ito kompara sa US, Japan at Europe.

Binabantayan ng US ang pakikipagmabutihan ni Duterte sa China. Naging tampok ang pag-atras ng gobyernong Duterte sa paggigiit ng pag-aari ng Pilipinas sa mga lugar sa West Philippine Sea (WPS) at ang pagpapahintulot sa pagtatayo nito ng mga base militar sa loob ng *exclusive economic zone* (EEZ) ng bansa.

Pero malayo pa ring umalis sa ilalim ng kapangyarihan ng US ang Pilipinas. Sa inilabas na National Security Strategy (NSS) ng pamahalaan, itinataas ng Pilipinas ang presensya ng US bilang “*stabilizing force*” sa rehiyon habang pinupuna naman ang China sa kanyang “*military aggressiveness*” at “*more active and aggressive presence in the WPS*”. Ayon pa rin dito, ang Pilipinas “*will work closely with US... including [on] shared security and economic concerns*” habang tahimik naman hinggil sa pakikipagtulungan sa China.

Buo ang suporta ng US sa awtoritarianismo ni Duterte sa pagbabalik nito ng ayuda sa ekonomiya at militar. Muling tumaas ang ipinangakong ayuda ng US na US\$118.3 milyon para sa 2019 mula sa magkasunod na pagbaba nito noong 2017 sa US\$140 milyon at sa US\$70.3 milyon noong 2018. Tatlong beses din ang itinaas ng ayuda sa militar na US\$43.3 milyon para sa 2019. Maaari pa itong tumaas batay sa mga ulat nitong nakaraan na dagdag na pondong US\$26.5 milyon mula US para sa kampanya kontra-terorismo ng AFP sa 2019 at 2020.

Madaling naigiit muli ng US ang impluwensya nito sa AFP sa nakaraang kaganapan sa Marawi City noong 2017 kung saan susing papel ang ginampanan ng *special forces* at *logistical support* ng US. May bagong anti-teroristang misyon sa Pilipinas sa pamamagitan ng Operation Pacific Eagle mula nang magsimula ang 2018. Nakatakdang tumaas ang bilang ng *military*

exercises sa pagitan ng US at Pilipinas mula 261 noong 2018 patungong 281 ngayong taon. Nagsimula na rin ang konstruksyon sa isa sa limang target na US facilities sa kampo ng AFP – sa Basa Air Base, Pampanga – ngunit posibleng hindi lamang iniulat ang anumang konstruksyon sa iba pang mga base.

Labis na ganansya ang nakukuha ni Duterte mula sa suporta ng dalawang imperyalistang bansang ito para sa pagpapalawig at pagpapatagal pa ng kanyang paghahari sa bansa. Ang dehado dito ay ang mamamayang dumadausdos ang kabuhayan at tinatanggalan ng kanilang mga demokratikong karapatan.

7 Ano ang magagawa ng mamamayan para harapin ang awtoritaryanismo at upang baguhin ang kalagayan para sa kanilang kagalingan?

Nakabatay ang resulta ng atake ng estado sa magiging reaksyon ng mamamayan dito – kung matatakot at aatras sa pakikibaka at paggiit ng mga karapatan, magtatagumpay si Duterte at ang mga kasapakat niya sa pagwasak sa ekonomiya at pagyurak sa mga karapatang pantao. Ngunit kung titibayan ang hanay, patuloy na pananagutin ang rehimen sa mga krimen nito sa mamamayan, at igigiit ang mga alternatibo para sa tunay na pag-unlad, mabibigo ang mga balakin ni Duterte kahit pa gumamit ito ng matinding dahas.

Tuloy-tuloy na ilantad ang mga kasinungalingan ng gobyernong Duterte na ginagawa nito para pagtakpan ang pananagutan sa lumalalang kalagayan ng mamamayan. Maaaring higit na ipopularisa at mas ipaunawa sa mas malawak na bahagi ng lipunan ang laki ng nawasak na trabaho sa ilalim ng administrasyon at kung paanong hindi pangmatagalang solusyon ang BBB dito. Tumbukin sa mga talakayan na ang pakanang cha-cha ay itinutulak ni Duterte para sa kanyang pakinabang at hindi lamang ni Arroyo o ng iba pang politiko. Mainam na panahon ang eleksyon ngayong taon para gawing pangunahing usapin ang mga sosyo-ekonomiko at iba pang suliranin ng mamamayan sa iba't ibang debate at talakayan, at ipanawagan ang tunay na pagbabago.

Tuloy-tuloy na ipanawagan ang alternatibong programa at polisiya sa ekonomiya na tunay na tutugon sa pangangailangan at pangmatagalang kagalingan ng mga mamamayan. Ipanawagan ang tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon.

Ipagpatuloy at palawakin pa ang matatagumpay na pagkilos ng mga mamamayan noong 2018 – mula sa mga welga sa iba't ibang mga pagawaan; *occupy movement* ng maralitang taga-lungsod; panawagan para sa mas mataas na sahod ng mga manggagawa, guro at kawani sa pamahalaan; paglaban ng mga magsasaka, Lumad at Moro sa martial law sa Mindanao; patuloy na paggiit ng mga kabataan at estudyante para sa libreng edukasyon; at mga bungkalan ng mga magsasaka.

Pinakamatibay na sandata pa rin ang pagkakaisa ng sambayanan. Malinaw sa mga aral ng kasaysayan na hinuhukay ng isang tiwaling rehimen ang sarili niyang libingan sa pagtindi ng kanyang agresyon at kawalang-pananagutan. Pero mulat din dito ang gobyernong Duterte at kanyang mga kasapakat gamit ang higit na pagkuha ng inisyatiba sa pandarahas at panlilinlang. Higit na agaran ang hamon samakatwid na huwag bumitiw ang mamamayan sa paglaban para sa kanilang karapatan.

Sa paglala ng pang-ekonomiya at pampolitikang kalagayan, tumatampok ang pag-uugnay ng mga mulat na mamamayan, sa pangunguna ng mga demokratikong pwersa, na tumungo sa pagpapatalsik sa rehimeng Duterte. Ito ay pagsasakatuparan ng kanilang demokratikong karapatan. Napatunayan rin ng kasaysayan na kapag iginiit ang soberanya, mananaig ang mamamayan.